



# **ANG PAGKAKAKILANLAN SA PAMAYANANG LAYKONG MARIANISTA**

## **1.- SINU-SINO BA KAMI**

Ang Pamayanang Laykong Marianista ay isang Kristiyanong grupo o pamayanan na nagsisilbi sa misyon ng simbahan sa buong mundo. Kami ay kasapi ng pamilyang Marianista sa gabay at inspirasyon ng aming mga tagapagtaguyod na sina William Joseph Chaminade at Adele Batz de Tranquelleon.

Sa pamamagitan ng aming binyag, kami ay tinawag na maging tulad ni Hesus, Anak ng Diyos, naging anak ni Maria, para sa pagbabago ng sanlibutan.

Sa pamamagitan ng aming bokasyon, kami ay ginagabayan ng Espiritu at nakiisa kay Maria na isabuhay ang panawagan na maging buhay si Kristo sa mundo. Ang pagiging miyembro ng Laykong Marianista ay isang pag-aalay ng buong sarili.

## **2.- ANG AMING BOKASYON (CHARISM)**

Bilang kasapi ng Pamayanang layko ng marianista kami ay tumugon sa tawag ng Diyos na mamuhay at ibahagi ang bokasyon o charism ng Marianista.

- 2.1.- Nais naming maging lalake at babae na malakas at matatag ang paniniwala, isang pananampalatayang nabubuhay sa pag-ibig, kung saan kami ay nagsusumikap at umaasa.
- 2.2.- Tinatanggap namin si Maria bilang isang ina, modelo at tagapagturo. Kusa niyang tinanggap ang presensya ng Espiritu sa kanyang buhay at dinala't nanganak para sa Diyos kasama natin, at ibinigay si Kristo sa sanlibutan. Tayo'y kanyang inaanyayahang “gawin ang Kanyang nais”(Jn 2:5) upang tumugon sa pangangailangan ng sangkatauhan.
- 2.3.- Aming isinasabuhay ang aming pananampalataya sa mga pamayanan, alinsunod sa halimbawa ng sinunang simbahan.
- 2.4.- Masunurin sa aming bansa at nakabantay sa mga pagbabago ng panahon, kami ay nakiisa sa mga babae at lalake ng mundo.  
Kami ay mga misyonaryo, handang ibahagi ang Mabuting Balita. Sumusunod sa mga batas o ginagawa ng mga misyonaryo, nagsusumikap kaming maibahagi ang paniniwala sa pagpaparami ng mga Kristiyano, at pagkakaroon ng mga pamayanan at mga gumagabay nito.  
Isinasaisip ang mga kultura ng bawat lugar, kami ay nagtatrabaho sa pagpapakalat ng paghahari ng Diyos sa sanlibutan. Kami ay nagtatrabaho sa pagpapanday ng kapayapaan at hustisya lalo na sa mga naghihikahos nating mga kapatid



### 3.- ANG AMING BUHAY

Ibig naming maisali sa aming buhay ang karismang ito at maituon ang aming buhay kay Hesus na siyang Mabuting Balita ng Diyos sa mundo ngayon.

3.1.- Sa kadahilanang ito, aming naging gabay at modelo ang pamamaraan ni Maria'ng kusang loob na tumugon sa tawag na Espiritu.

3.1.1.- Nagsusumikap kami upang maitayo ang Kaharian ng Diyos, nakabantay sa “pagbabago ng panahon”, nakikiisa sa mundo at sa mga naghihikahos at sawingpalad nating kapatid

3.1.2.- Kami ay nabubuhay bilang isang pamilya, nagbibigayan, nagtutulungan, Masaya, simple at may respeto sa bawat isa at sa kanyang pagbabago.

3.2.- Upang makatugon sa aming bokasyon, kami ay sumasampalatay sa Diyos sa pamamagitan ni Maria, Para sa amin ito ay:

3.2.1.- Isang kusang loob na tugon sa aming Binyag at Kumprimasyon.

3.2.2.- Isang pagbibigay sa sarili sa pagsisilbi kay Maria sa kanyang misyon na ialay si Kristo sa sanlibutan.

3.3.- Sumusunod sa aming bokasyon, ibinibigay namin ang aming sarili na mamuhay na nangangailangan ng...

... pagbibigay ng panahon sa personal o pamayanang pagdarasal( sa ibang bansa ang three o'clock prayer at consecration to Mary ay dinadasal).

... nakikinig sa salita ng Diyos at isinasabuhay an gaming pananampalataya sa banal na eukaristiya.

... pinapalakas ang aming paniniwala, at mamuhay at ibahagi ang Charism ng Marianista.

... magkaroon ng sariling pamamaraan ng pamumuhay at trabaho at isabuhay ito sa isang pamayanan.

... bukas sa gabay na spiritual ng iba.

... magkaroon ng kakayahang makapag-isip upang makatulong at matugonan ang mga pagbabago ng panahon.

... magkaroon ng kakayahang tumugon sa pagpapanday ng hustisya at makataong mundo.

... maging responsable sa bawat gawa at may ugaling magsilbi sa iba't-ibang sitwasyon, halimbawa, sa pamilya, trabaho, pamayanan, politika, mga asosasyon, parokya, sa edukasyon.



... dumadamay sa buhay ng isang pamayanan. Ang aming pamayanan, isang simbolo ng pagkakaisa ay isa ring lugar ng pagdarasal, paghubog, pagmumunimuni sa Salita, pagkakaisa, at pakikipagbalikan sa bawat isa.

#### 4.- ANAG AMING GRUPO O ORGANISASYON

- 4.1.- Kaming mga laykong Marianista ay binuo sa mga maliliit na pamayanan na bumuo rin ng mga grupo sa lokal, reheyonal, national at o sa pandaigdigang. Ang bawat grupo ay may kanya-kanyang straktura ayon sa antas nito. Sa bawat grupo ay may isang responsableng layko at isang relihiyosong Marianistang gumagabay.
- 4.2.- Ang mga gastos ng organisasyon at mga gawain ng mga laykong Marianista ay binabayaran ng mga miyembro.
- 4.3.- Kami ay kasapi ng pamilyang Marianista dahil dito kami ay may isang karisma o charism. Ang pagkakaroon ng iisang isip sa bawat sangay ng pamilyang Marianista ay nakakatulong sa bawat isa at nakakatulong rin sa pagsisilbi sa misyon ng simbahan.
- 4.4.- Sa bawat antas ng organisasyon at sa pamamagitan ng mga kasapi nito, Ang Pamayanang Laykong Marianista ay nais na tumulong sa misyon, mga ginagawa at desisyon ng simbahan.



• *Document ratified by the General Assembly at the First International Meeting of the Marianist Lay Communities which took place in February 1993 in Santiago, Chile.*